# Gusto niyo bang ipatnubay ko sa inyo Ang mga gawain na patatawarin sa inyo ni Allah dahil dito Ang mga kasalanan at itataas dahil dito ang inyong mga antas?)) Nagsabi sila: Oo , O Sugo ni Allah, Nagsabi siya:((Paglagom ng Wudhū sa mga [oras na] kinamumunghian, at pagpaparami ng mga Hakbang sa Masjid,at paghihintayng dasal pagkatapos ng dasal,ito para sa inyo ang Pagbabantay [para sa daan ni Allah]

Ayon kay Abē Hurayrah malugod si Allah sa kanya-Nagsabi siya:Nagsabi Ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-:Gusto niyo bang ipatnubay ko sa inyo Ang mga gawain na patatawarin sa inyo ni Allah dahil dito Ang mga kasalanan at itataas dahil dito ang inyong mga antas?)) Nagsabi sila: Oo , O Sugo ni Allah, Nagsabi siya:((Paglagom ng Wudhū sa mga kinamumunghian, at pagpaparami ng mga Hakbang sa Masjid,at paghihintayng dasal pagkatapos ng dasal,ito para sa inyo ang Pagbabantay [para sa daan ni Allah]))

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Ipinahayag ng Propeta pagapalain siya ni Allah at pangalagaan sa mga kasamahan niya ang isang paghayag, at nalalaman niya kung ano ang sasabihin nila na sagot sa sagot niya,at ito ay kabilang sa napakabuting pagtuturo niya sumakanya ang pagpapala at pangangalaga,Na minsan ay hinahayag niya ang tinatalakay, ng paghahayag upang mapag-ingat ang tao dito.at malaman niya kung ano ang masasabi niya sa kanya,Nagsabi siya:Gusto niyo bang ipatnubay ko sa inyo ang mga gawain na patatawarin ni Allah sa inyo dahil dito ang mga kasalanan at itataas dahil dito ang inyong mga antas?Nagsabi sila:Oo,O Sugo ni Allah, Ibig sabihin ay:Sabihin mo ito sa amin sapagkat gusto namin na sabihin mo sa amin kung ano ang makakapagtaas sa aming antas at makakapagpatawad sa aming kasalanan: Nagsabi siya:Ang una: Pagpapaganap ng Wudhu sa kalagayan ng pagkamunghi ng sarili rito,tulad sa mga araw na taglamig;Sapagkat sa araw ng taglamig, ang tubig ay nagiging malamig,at kapag ginanap ng tao Ang pagsasagawa niya ng Wudhu kahit na kaakibat ang mga paghihirap na ito, nagpapatunay ito sa pagiging ganap na pananampalataya,kaya't itataas ng Allah rito ang Antas ng kanyang alipin at patatawarni sa kanya ang mga kasalanan niya.Pangalawa: Kapag naging layunin ng tao ang [pagpunta] ng Masjid,Sapagkat

ipinagbawal-uutos sa kanya ang pagpunta rito,at ito ay sa limang beses na pagdarasal,kahit na malayo ang Masjid.Pangatlo:Kapag nanabik ang tao sa mga Dasal,sa bawat oras na matapos ang dasal, ang puso niya ay naka-ugnay sa ibang dasal at hihintayin niya ito.Ang mga ito ay nagpapatunay sa pananampalataya niya at pagmamahal niya at pananabik Niya sa mga dakilang dasal na ito,At kapag siya ay naghintay ng dasal Pagkatapos ng dasal, tunay na ito ay kabilang sa mga pinapataas ni Allah dahil dito ang mga antas, at pinapatawad dahil dito ang mga kasalanan.Pagkatapos ay sinabi nga Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na ang pagpapanatili sa mga Kalinisan at Dasal at Pagsamba ay kahalintulad ng Pagbabantay sa daan ng Allah

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3574

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee